
Opisyal na Pahayagan ng Kabataang Makabayan -
Demokratiko a Tignayan dagiti Agtutubo iti Kordilyera

# RISIRIS

Oktubre 2022 - Marso 2023





# editoryal

## Ang tunay na terorista

Pilit ang panggigipit ng Gobyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) sa Demokratikong Gobyernong Bayan. Ginagamit nito ang lahat ng galamay upang supilin ang partidong nagsusulong lamang ng mga batayang karapatan at pag-aalis ng mga pasakit na problema ng mamamayan. Sa gitna ng mga krisis sa ating lipunan, mas inuuna pa rin ng GRP ang pagsugpo sa paglaban ng mamamayan kontra sa mga anti-mamamayang kondisyong nililikha ng mga polisiya ng Republika ng Pilipinas.

Noong nakaraang taon, ibinasura ng Manila Regional Trial Court 19 ang petisyon ng Department of Justice upang ideklara ang Communist Party of the Philippines at New Peoples Army bilang isang teroristang grupo sa ilalim ng Human Security Act of 2007.
Unang una, hindi kinikilala ng Partido Komunista at ng armadong hukbo ang mga batas ng Republika ng Pilipinas dahil may sariling batas na sinusundan ang Demokratikong Gobyernong Bayan. Alam ng Partido na kapakanan lamang ng mga naghaharing uri ang isinusulong ng mga batas na ipinapatupad ng GRP. Kung gayon, hindi kinikilala ng partido ang kasong ito at hindi ito makikiisa sa anumang paglilitis ng GRP.

Gayunpaman, malugod ang pagtanggap ng Partido sa desisyong ito. Binibigyang diin ng 135 pahina na desisyon na hindi terrorismo ang hinahatid ng partido, taliwas sa pinapalaganap ng GRP. Ito ay patunay na hindi kailanman magiging terorismo ang paglaban para sa pagpapalaya ng mamamayang Pilipino sa pang-aapi at pang-aabuso ng mga naghaharing uri. Sampal ito sa mukha ng GRP na mismong sangay nito ang nagpapatunay na may kabuluhan ang pagtangan ng armas para itulak ang kapakanan ng mamamayan.

Ngunit sa kabila ng desisyong ito ay hindi pa rin

tumitigil ang mga atake ng GRP sa mga mamamayan sa pamamagitan ng NTF-ELCAC. Pinapakita nito na mismong mga nagpapatupad ng mga batas ng GRP ang hindi gumagalang sa kanilang ipinapatupad. Lahat ay gagawin ng reaksyunaryong estado upang protektahan ang interes ng mga naghaharing uri, kahit na kapalit nito ang interes ng masang Pilipino.

Sa panahon ni Marcos Jr., lalo pang tumitindi ang mga atake sa mga nagsusulong ng interes ng mamamayang Pilipino. Patuloy ang malawakang pagbabansag na terorista sa mga progresibong mamamayan at ang pagpapatuloy ng anti-mamamayang panunupil at programang kontra-insurhensiya ng GRP.

Kita ito sa pagpapaulan ng mga gawa-gawang kaso sa mga aktibistang gusto lamang magsulong ng karapatan ng mamamayan. Sinusupil ang mga unyon ng mga manggagawa at mga organisasyon na tumataliwas sa pagsusulong ng makauring interes ng mga kapitalista. Maging sa mga kanayunan ay laganap ang militarisasyon na nagbubunga ng pang-aabuso sa mga mamamayan at pagkawasak ng kanilang mga kabuhayan. Kitang kita ang takot ng reaksyunaryong gobyerno ng mga naghaharing uri sa anumang uri ng pagsalungat sa kanilang mga anti-mamamayang polisiya. Lahat ay kanilang gagawin upang mapanatili ang kanilang kapangyarihan at maprotektahan ang kanilang kapakinabangan.

Kaya naman ang mga ito ay wala tayong maaasahan sa anumang sistemang ipinapatakbo ng reaksyanaryong estado. Darating at darating ang panahon na mamumulat ang sambayanang Pilipino sa katotohanang pahirap lamang ang inihahatid ng Gobyerno ng Republika ng Pilipinas na pinapatakbo ng burgesya. Hindi napapansin ng reaksyunaryong estado na ang kanilang ginagawang panggigipit sa mamamayan ang siyang nagbubunga ng mas maraming rebulusyunaryong handang makibaka para sa pambansang demokrasya.

Ipagpapatuloy ng Partido, kasama ang hukbo ng mamamayan at ng malawak na masang Pilipino ang digmang bayan at ibayong palalakasin ito- mag-oorganisa ng mga rebolusyonaryo, maglulunsad ng kilusang propaganda, isusulong ang agraryong rebolusyon, at kakamit ng mga tagumpay sa kalunsaran at kanayunan hanggang sa maisawalat kung sino nga ba ang tunay na terorista.

Ang AFP, ang PNP, si Marcos, si Duterte, sila ang tunay na terorista!

## EDITORYAL

Ang tunay na terorista.. ...p. 02

## BALITA

Kongreso ng Kabataang Makabayan – Datako, idinaos matapos ang 3 taon....... ...p. 04

Balangay Sly ng KM—DATAKO, muling naitatag.. ...p. 04

KM-DATAKO, nagkalat ng mga polyeto sa Baguio......... ...p. 05

Unang pagtitipon ng KMD Trina ngayong taon, isinagawa.............................. ...p. 06

Komunidad sa Kalinga, kinanyon at binomba ng AFP ...................................... ...p. 06

Kidawa Dayawen: "Nagkakamali ang estado sa pagsasabi nitong magagapi nito ang rebolusyunaryong kilusan"................................ ...p. 07

Serye ng mga taktikal na opensiba, matagumpay na naisagawa ng NPA Abra ..... ...p. 08

Pagbabalik sigla ng Balangay Elvira mula sa dati nitong diwa ................. ...p. 08

## KOMIKS

May Paroroonan ...p. 09

## LATHALAIN

Bawat, Lahat, at Dami... ...p. 10

Apoy................................ ...p. 10

To Struggle with Sickles and Hammers and Pens and Papers..... ...p. 11

Ang Kabataang Makabayan, DATAKO, at Si Prop. Jose Ma. Sison: Tribute................ ...p. 12-13

Anong kayang gawin ng mga salita? ...p. 14

# Kongreso ng Kabataang Makabayan — Datako, idinaos matapos ang 3 taon

Idinaos ng Kabataang Makabayan – DATAKO (KMD) balangay ng Ka Trina ang kongreso nito matapos ang 3 taong programa nito. Ang KMD ay ang lihim na pambansa demokratikong organisasyon ng kilusang kabataan at estudyante sa Kordilyera. Huling nagtipon ang Kongreso ng KMD noong 2019 sa isang hindi tukoy na lugar habang taunan pa ring nailunsad ang mga pampulitikang mga kumperensya nito.

Walang katumbas ng paniniil sa ilalim ng walang-patid na tambalang US-Marcos Jr., ang nakapigil sa pagdaos ng kongreso na may temang "Naturtured, Nasirsirib: Tayo ang KMD." Ang mga dumalong delegado ay mula sa balangay ng Elvira, Sly, Ricky, Libre, Sibat, at Riotoc sa ilalim ng KMD Trina. Pinaunlakan din ng mga kasapi ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS) at ng Cordillera People's Democratic Front (CPDF) ang Kongreso.

Ibinahagi ng kalihiman ng KMD ang inilathalang ispesyal na edisyon ng Risiris, opisyal na pahayagan ng KMD na pinamagatang "Kapya a Magapo iti Gubat" o "Peace through war," kaugnay sa ika-58 anibersaryo ng organisasyon. Ang pahayagan ay naglalaman ng mga tula at mga obra ng mga kasapi ng KMD.

Pinaglalim ng Kongreso ang pag-aaral hinggil sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) na may pagdidiin sa kontribusyon ng kilusang kabataan sa armadong pakikibaka. Kasunod nito, nagbahagi ang mga kasama ng kanilang mga kaalaman at karanasan sa loob ng Hukbo at hinimok ang mga dumalo na sumapi sa rebolusyonaryong armadong pwersa sa kanayunan.

Sa Kongreso, iniulat ng mga kinatawan ng bawat balangay ang naging kalagayan nila mula 2019. Natukoy na ang restriksyong bunsod ng pandemya noong 2020 ang naging panguhaning hamon sa pagkilos ng bawat organisasyon, dahilan...

upang sila ay panandaliang tumigil sa pagsasagawa ng tradisyunal na mga pulong at iba pang gawain sa KMD partikular sa gawaing propaganda.

Matapos nito, naghalal ang Kongreso ng mga upisyal sa Komiteng Tagapagpaganap ng KMD Trina at binuo ang dalawang taon ng plano ng organisasyon. Ilan lamang sa mga pangkalahatang tungkulin na itinakda nito ay sumasaklaw sa gawaing propaganda, edukasyon, suporta sa armadong pakikibaka, at kampanyang pasampa.

Samantala, nagkaroon ng pangkulturang pagtatanghal na pinangunahan ng ARMAS at parangal para sa mga bayani at martir na nagsilbi at naglaan ng buhay para sa sambayanan.

Mataimtim na pinagpugayan ng Kongreso ang kadakilaan ng mga bayani at martir sa Kordilyera na masidhing ipagnaglaban ang Karapatan ng mga katutubo sa lupa, buhay, at sariling pagpapasya kasabay ng paglaban para sa pambansang kasarinlan at hustisya.

# Balangay Sly ng KM—DATAKO, muling naitatag

Matagumpay na naitatag ang Balangay Sly ng Kabataang Makabayan - DATAKO noong nakaraang taon matapos ang kauna-unahan nitong pangkalahatang asembliya.

Sa nabanggit na asembliya, naipatimo ang oryentasyon ng KM at ang kahalagahan ng pagpapalawak nito sa panahong ginagapi ang mga kabataan at iba pang sektor ng iba't ibang isyung panlipunan.

*continue to page 5*



*Mga miyembro ng KM-DATAKO noong kongreso*

*from page 4*

Gayundin, nakapaghalal ng mga opisyal ang balangay mula sa lupon ng mga kabataang masikhay na hinaharap ang hamon ng panahon.
Mula sa iilang miyembro ng grupong pang-organisa na puspusang nakikibaka at nag-oorganisa ng kapwa kabataan, napagtagumpayan ng KM Sly ang magpalawak at magpalalim mula sa inspirasyong kanilang nakuha mula sa rebolusyunaryong martir ng KM DATAKO na si Ka Sly.

Si Brandon "Ka Sly" Magranga ay isa sa pitong pulang mandirigmang biktima ng Lacub Massacre noong 2014 na pinatunayan ang lakas at giting ng mga kabataang makabayan sa paglilingkod sa sambayanan. "Sa kabila ng tuloy-tuloy na atake ng reaksyunaryong estado, pinapatunayan ng pagkakatatag ng KM Sly na hindi magpapagapi ang rebolusyunaryong diwa ng mga kabataan. Patuloy kaming mangangahas at makikibaka," ani Ka Halin, tagapangulo ng KMD Sly.

Sa kasalukuyan ay nagpapatuloy na magpalakas at magpalawak ang KMD Sly kasabay ng patuloy rin nitong pag-aaral at pagbibigay ng mga pag-aaral tungkol sa lipunan, gayundin ang puspusan nitong pakikibaka kasama ang malawak na hanay ng masa.

# KM-DATAKO, nagkalat ng mga polyeto sa Baguio

Nagpakalat ng mga babasahin ang KM-DATAKO sa iba't-ibang pampublikong lugar sa Baguio. Ito ay isinagawa kasabay nang pagdagsa ng libo-libong turista sa Baguio noong panahon ng kapaskuhan.

"Masayang karanasan ang aktibidad na ito. Napapanahon rin sa gitna ng malawak na disimpormasyon laban sa Hukbong Bayan at makahimok sa mas marami upang kilalanin ang BHB at makahikayat sa kanilang paglahok sa demokratikong rebolusyong bayan," ani Ka Andong, isa mga nakisa sa ginanap na polyeto drop

Ang aktibidad na ito ay bahagi ng gawaing propaganda ng KM-DATAKO na inilulunsad buong taon.



# Unang pagtitipon ng KMD Trina ngayong taon, isinagawa

Upang salubungin ang panibagong taon, nagtipon-tipon ang mga kasapi ng Kabataang Makabayan - DATAKO balangay Ka Trina nitong buwan ng Enero taong 2023.

Ang programa ay sinimulan sa isang pag-aaral upang talakayin ang pahayag ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinsd para sa ika-54 na anibersaryo nito. Inilatag ng pahayag ang kasalukuyang sosyo-ekonomikong kalagayan sa internasyunal, lokal, at pampartidong saklaw.

"Mahalagang malaman natin bilang mga kasapi ng KMD kung paano tayo naapektuhan ng pandaigdigang krisis ng kapitalismo dahil ito mismo ang nagpapatunay ng kabulukan nito at syempre, nananatiling hamon sa atin bilang mga rebolusyonaryong ang patuloy na pagsulong ng digma na wawakas sa bulok na sistemang ito," ani ng isang estudyante sa pag-aaral na ito.

Matapos ng pag-aaral, naghanda ang komiteng tagapagpaganap ng KMD Trina ng isang programa upang bigyan ng natatanging pagpupugay si Ka Jose Maria Sison, tagapangulong tagapagtatag ng Komite Sentral ng PKP.

Nag-alay ng mga pangkultural na pagtatanghal ang mga kasapi ng KMD para kay Ka Joma at nagbahagi ng iilang mga pahayag ang iba't ibang mga organisasyong kaanib ng KMD.

"Malakingbahagiangpinapelni Ka Joma sa buong rebolusyanaryong kilusan ng mamamayang Pilipino. Siya ang naglatag ng mga pundasyon ng kabuuang rebolusyanaryong adhikain sa larangan ng ideolohiya, politika at organisasyon. Malungkot man tayo sa kanyang pagpanaw, mas nangingibabaw ang diwa na iniwan niya sa ating lahat- ang diwang rebolusyonaryo," ani ng kasalukuyang tagapangulo ng KMD Trina.

# Komunidad sa Kalinga, kinanyon at binomba ng AFP

Bandang alas-2 ng madaling araw noong Marso 5 nang walang patumanggang binomba ng mga fighter jet ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang isang bahagi ng Barangay Gawa-an sa Balbalan, Kalinga,

Ayon sa mga residente ng komunidad, dinig hanggang sa mga bayan ng Upper Tabuk at Limos ang tunog ng mga fighter jet. Naiulat din ang pag-iikot ng mga drones na ginagamit pang sarbeylans na nagbibigay takot sa mga residente. Kinaumagahan nito, dalawang helikopter naman ang naiulat na nag-iikot sa Balbalan.

Dagdag pa rito, iligal na dinakip naman ng mga sundalo ng AFP ang siyam na residente ng Sitio Uta at Codcodwe ng Barangay Gawa-an at dinetine ng pitong oras.

Noong Marso 9 ay naiulat ang panibagong mga kaso ng pagbobomba at istraping ng AFP sa Balbalan.

Ang Balbalan ay isa sa mga eryang apektado ng pagpapatayo ng Saltan Dams.

# Kidawa Dayawen: "Nagkakamali ang estado sa pagsasabi nitong magagapi nito ang rebolusyunaryong kilusan "

"Nagkakamali ang estado sa pagsasabi nitong magagapi nito ang rebolusyunaryong kilusan," ani ni Kidawa Dayawen, tagapagsalita ng Kabataang Makabayan - DATAKO sa pahayag nito para sa ika-58 na anibersaryo ng Kabatang Makabayan.

**Sa harap ng pandarahas ng demonyong NTF-ELCAC**

Sa pagbabalik ng mga Marcos sa Malacanang, walang ibang inaasahan ang mamamayang Pilipino kundi ang pagpapalala sa kalagayang pagpapaktuta ng bansa sa imperyalista mga dikta, pambabalaho sa pambansang pag-unlad at malawakang korupsyon at pagnanakaw.

Ang pinakamasahol at sagad-saring tambalang Marcos-Duterte ang mukha ng mga halimaw at mabangis na uring naghahari't tunay na kaaway ng sambayanang Pilipino. Gayunpaman, di rin mapigilan ang pasidhi ng tunggalian sa hanay ng mga naghahari; papalalang bitak sa pagitan mismo ng pangkating Marcos at Duterte. At habang nagkakagulo at nagtatalo-talo ang tumitinding paksyon sa pagitan mismo ng mga kaaway -- nina Badoy, Quiboloy at Carlos, Salamat sa pagkabalaho ng reorganisasyon ng NTF-ELCAC, wala namang panahong dapat sayangin ang hanay ng mga rebolusyunaryo. Ito'y mapagpasyang panahon upang samantalahin ang di mapigil na pagkakabitak-bitak ng mga naghahari.

**KMD, nananatili, tumatatag**

Sa nagdaang taong 2022, humarap ang KMD sa malaking hamon. Mula sa malubhang krisis dulot ng pandemya na sinamantala pa ng estado upang ginipit ang pagkilos ng mamamayan. Pisikal na pinaghiwalay ng mga rekstriksyon at ng obhetibong kalagayan ang mga kasapi nito.

Gayunpaman, hindi ito nanatiling limitasyon. Mapanlikhang tinuklas ang mga bagong arena ng mga laban, mga porma ng pagkilos at pag-oorganisa, maniobra at recovery, expansyon at konsolidasyon -- mula kanayunan hanggang mga lungsod.

Habang nagkukumahog ang estado sa pagsupil sa mamamayan, nagpupursigi ang mga kabataan sa paghahatid ng tulong sa mga komunidad na lubhang apektado ng sosyo-ekonomikong krisis at mga sakuna, nagtatambol at kumakamit ng mga signipikanteng tagumpay sa kampanyang masa, nagpapalawak at nagrerekluta sa mga rebolusyunaryong organisasyong masa at tuloy na nagpapaabot ng suportang materyal sa BHB at aktibong naglulunsad ng kampanyang pagpapasama.

Sa nagdaang 2 taon, matagumpay na nakapagpalawak at nakapatayo ng mga bagong balangay at grupong pang-organisa ang KM-DATAKO sa buong Metro Baguio, nakapagpasampa sa BHB at patuloy na nakapaglulunsad ng mga pag-aaral hinggil sa rebolusyong Pilipino, pagsusuri sa mga maiinit na isyung kinahaharap ng mamamayan at mga saligang aralin hinggil sa Marxismo, Leninismo at Maoismo.

Kaya't higit na nagkakamali ang estado sa kanilang pag-aakalang talilikdan ng kabataang ang istorikal na papel na ginampanan nina Jennifer Carino, Chadli Molintas at iba pang mga martir at bayani.

Kami ang bagong salinlahi ng mga rebolusyunaryong naaarmasan ng mga dakilang aral ng mayamang kasaysayan ng paglaban ng mamamayan.

Buong pagmamalaki naming itatanghal: Kami ang Kabataang Makabatan-DATAKO.

# Serye ng mga taktikal na opensiba, matagumpay na naisagawa ng NPA

Matagumpay na naisagawa ng Agustin Begnalen Command ng New People Army (NPA) Abra ang serye ng mga taktikal na opensiba laban sa 24th at 102nd Infantry Battallion ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa Mount Basiwag, Barangay Gacab, Malibcong noong ika-27 ng Oktubre at sa Barangay Mugao, Licuan-Baay naman noong ika-4 ng Nobyembre taong 2022. Nakatamasa ang pasistang AFP ng 10 kaswalidad, lima ang patay, samantala lima din ang sugatan.

Bukod pa dito, matagumpay din nakapagsagawa ng mga opensiba noong June 30, July 9 at August 18 sa iba't ibang erya sa Abra at Apayao kung saan limang sundalo ng AFP, kabilang ang isang lieutenant ang nasawi. Ang mga TO na ito ay isinagawa bilang parusa sa AFP sa kanilang pagsisilbi bilang mga pwersang panseguridad ng mga large scale mining corporations sa Abra at bilang mensahe na ang hukbo ng mamamayan at mga mamamayang Kordilyera ay handang lumaban sa pagpasok ng mga mapanirang proyekto.

Sa kasalukuyan, iniraratsada ang mga aplikasyon ng permit ng mga korporasyong ito. Sasaklawin ng operasyon nito ang mga lupang ninuno sa Malibcong, Lacub, Tineg, Licuan-Baay, at iba pang lupain sa bawnderi ng Abra, Apayao, at Kalinga.

Upang makatulong sa pagraratsada nitong mga aplikasyon, ang Joing Task Force TALA ng AFP-PNP ay nagpapatuloy sa kanilang Focus Military Operation (FMO) sa mga nasabing lugar. Ang mga FMO na isinasagawa ay banta sa buhay ng mga katutubong naglalayong depensahan lamang ang kanilang lupang ninuno at pinupuwersa silang "sumuko".

"History has proven again and again that the people have nothing to gain from Large-Scale Mining. It is the imperialists, Marcos Jr. and his cronies, and the warlord-bureaucrats in power who will benefit." ani ni Ka Bram, tagapagsalita ng Agustin Begnalen Command

# Bagong Komiteng Tagapagnapaga-nap ng KMD Balangay Elvira, naihalal

Matapos ang ilang taong limitasyon dala ng pandemya, muling nakapaghalal ang Kabataang Makabayan DATAKO-Balangay ng Elvira ng komiteng tagapagpaganap at grupong pang-organisa sa pangkalahatang asembliya, noong buwan ng Nobyembre taong 2022.

Layunin nitong muling paigtingin ang pagkilos sa loob ng unibersidad matapos ang ilang taong restriksyon dahil sa pandemiya. Sa tuluyang pagtapak muli ng mga estudyante sa loob ng unibersidad, iginagaod naman ng Balangay Elvira ang pagbabalik sigla mula sa dati nitong diwa.

Nakapagplano ang balangay ng iba't ibang mga gawaing propaganda na layon pang humimok ng mga susunod na Iskolar ng Bayan na tunguhin ang landas ng rebolusyonaryong pakikibaka. Aktibong hinaharap ng Balangay Elvira ang pagbabalik on-ground ng mga propaganda, lalo na sa loob ng teritoryo nito.

Samantala, tuloy-tuloy naman ang paglulunsad ng mga rebolusyonaryong pag-aaral ng balangay upang palalimin pa ang mga pundamental na tungkulin ng mga kabataan sa pagsulong ng armadong pakikibaka at ng demokratikong rebolusyong bayan.

Relatibong positibo ang paglaki ng kasapian ng balangay sa kasalukuyan ngunit nanatiling hamon ang patuloy pa rin na magmulat at mag-organisa ng kabataan. "Dahil sa lumalalang krisis na kinakaharap ngayon, hindi imposible sa mga kabataan-estudyante na tatahakin ang pinakamataas na porma ng pakikibaka at isapraktika ang mga salitang pagsilbihan ang sambayanan," ani ng bagong halal na tagapangulo ng KMD Elvira.

# May Paroroonan

Ka Sada



# BAWAT, LAHAT, AT DAMI

Ka Red

Ang hindi mo malalaman,
walang kahit na anong manwal
ang makapagtuturo sa iyo
kung paano haharapin
ang bawat, lahat, at dami
ng mga pagkawala
na masasaksihan mo
sa buong buhay mo.

Pero ang malalaman mo,
mayroong kang kakayahang
angkinin bilang sarili't hindi iba
ang bigat ng bawat, lahat, at dami
ng mga anak, kapatid, asawa,
kaibigan, at kasama
sa kanilang pagkawala.

Mayroong kang kakayahang
angkinin ang bawat, lahat, at dami
ng pasakit at pagkabigo
na kanilang hinarap
at ang bawat, lahat, at dami
ng kanilang mga tagumpay
bago sila mawala.

Walang manwal ang magtuturo sa iyo
sa pagtanggap ng mga pagkawala.
Ang maaari lamang ay sundan
ang bigat ng kanilang mga yapak--
ng bawat isang ang buhay
ay 'sing bigat ng bundok.

At dito, sa parehong landas,
ang bawat, lahat, at dami
ng mga anak, kapatid,
asawa, kaibigan, at kasama
ay aangkinin din ang bigat
ng iyong pag-iral at pagkawala
bilang kanila, sarili't hindi naiiba.

# apoy

Ka Red

Nasanay tayo sa katangian ng apoy na mapangwasak, marahas, nagngingitngit, at lumalamon ng mga bagay na pinakaiingat-ingatan.

Ngunit sa atin, bilang bahagi ng malawak na kilusang mapagpalaya, apoy lamang ang mayroon tayo. Apoy na nagngingitngit sa puso na kayang wasakin ang marahas na pananamantala ng mga naghaharing uri--apoy na lalamon sa lahat ng pinakaiingat-ingatang yamang kanilang inaangkin--upang ibalik sa tunay na nagbubuhos ng lakas paggawa para dito.

Apoy na nag-aalimpuyo't matagal na panahon nang naglalagablab upang kamtin ang kalayaan para sa lahat ng mga uri. Dahil alam ng apoy na mayroon siyang lugar sa makauring digma. Dahil alam ng apoy na siya ang sulong gumagabay at nangunguna sa simula't tagumpay ng digma.

Hindi mapanira ang lahat ng mga apoy. Kung ang apoy na ito'y ang diwang mapagpalaya sa puso at mga kamaong nakakuyom ng mga pinagsasamantalahan, ito pa nga ang bubuo ng isang lipunang tunay na malaya.

# To Struggle with Sickles and Hammers and Pens and Papers

Story of Ka Noki, written by Ka Hanyo ng Balangay Ka Sly

An ordinary day it was. For a training on leadership, I got up early. "What is a leader?", the instructor asked, all my life I believed that leaders were born, but the people around me says otherwise. The training went on for the whole day as I relearned the faculties of being a leader--of what and who leading is for. And from then on, I kept to myself a promise to always back to the phrase, "Serve the People".

From the thoroughgoing pandemic, being affected by the online learning set-up, it has always been a dream of mine to be able to go to the city. To meet my classmates, to make new friends--I've only known about college life through the face of my computer. I live in a lowland province with my family and everyday, I see farmers till land. Its one of the main sources of living of the people around me, through them I know food is secured on our table every day.

Eventually face-to-face classes were implemented and I was given a chance to finally go to school. Going to the city gave me excitement. I had no idea what to expect, and nothing immediately came to mind, but what I know is that every day I will be able to eat because of the farmers back home that feed the whole country. And this, along with my dreams to give back to my family kept me going.

Having been blessed with a comfy life, I knew I had to do something to amplify the support for the farmers back home. I started participating in my college's community outreach in hopes to be able to develop myself as a leader. New people, a bigger community, and new surroundings, I knew the best way I could give back to the people is by leading. I was a former leader in my high school and I know I will be able to do so in college.

Days have passed in the university and I had already made good company through the work I was doing. From being a participant in community based activities, I now lead them. And this is through the unwavering passion that I draw out from the farmers back home. After two years of online classes, I finally get to realize what living is and who I was living for--for the people--in dedication to improve myself and to pursue my dreams for the nation and the community.

I always recall the lingering words of the instructor the day I relearned how to become a leader, now I will always answer that leaders live knowing that they serve their fellow and steward them to become leaders, themselves. From the farmers back home, to my fellow classmates, and the wider communities of indigenous peoples, workers, women, youth, and all other, I can now proudly say, leaders are those who choose and struggle every day to only choose the people. And through these people I will always be reminded of why I became a member of Kabataang Makabayan-DATAKO; to serve the people.

# ANG KABATAANG MAKABAYAN, DATAKO AT SI PROP. JOSE MA. SISON: ISANG TRIBUTE

Sibat Mannakigubat

Isang taas-kamaong pagpupugay ang ipinapaabot ng lahat ng balangay ng Kabataang Makabayan-Demokratiko a Tignayan dagiti Agtutubo iti Kordilyera (KM-DATAKO) sa rehiyong Kordilyera. Ang kaniyang dakilang ambag sa teorya at praktika ng rebolusyong Pilipino ay ang nagpabigat, tulad ng bundok Kordilyera, sa kaniyang pagkamatay noong Disyembre ng nakaraang taon. Isang ilaw, gabay at inspirasyon si Prop. Jose Ma. Sison para sa mga kasalukuyan at mga susunod pang henerasyon ng kabataan na magpapatuloy sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan hanggang sa sosyalismo.

Malaki ang inambag ni Prop. Sison sa kilusang kabataan-estudyante noong estudyante pa lang ito sa Unibersidad ng Pilipinas. Isa si Sison sa mga kabataang nangahas na mag-organisa ng kapwa-estudyante sa Student Cultural Association of the University of the Philippines (SCAUP) para atakehin ang anti-progresibong sentimyento ng dating University of the Philippines Student Catholic Action (UPSCA). Nagsagawa sila ng mga study sessions para masusing pag-aralan ang mga turo ng mga dakilang guro na sina Karl Marx at Friedrich Engels. Isa si Sison sa mga namuno sa 5000 laking mobilisasyon laban sa Commission on Anti-FIlipino Activities (CAFA) na noo'y nagpasimuno sa anti-komunistang pamumuksa.

Noong 1964, naitatag ang komprehensibo at rebolusyonaryong organisasyon ng mga kabataan, ang Kabataang Makabayan kung saan nagsilbi siya bilang unang tagapangulo. Sa kaniyang pamumuno, nabuhay muli ang kilusang kabataan-estudyante na nagpatuloy hanggang sa batas militar ng diktadurang US-Marcos. Matapos mabuo ang KM sa YMCA Auditorium sa Quezon City, nagbalik sa kani-kanilang mga pinanggalingang bayan ang mga kabataan para magtayo ng lokal na balangay ng KM. Isa sa mga humayo noon at bumalik sa syudad ng Baguio ay si Julius "Ka Nars" Giron, na nagtayo ng mga pinakaunang balangay ng KM sa mga hayskul at unibersidad noong 1965.

Nagkaroon din ng serye ng mga talumpati si Prop. Jose Ma. Sison sa syudad ng Baguio. Ang "The Need for Cultural Revolution" ay tinalumpati sa UP College Baguio noong September 30, 1966. Noong October 12 ng parehong taon sa parehong syudad, nagbigay siya ng talumpati sa mga junior at senior classes ng Philippine Military Academy ukol sa "Mersenaryong Tradisyon ng Armed Forces of the Philippines." Sa parehong araw, ibinigay niya ang "Tasks of the Second Propaganda Movement" sa Saint Louis University. Ang mga talumpating ito ay nailathala, isang taon ang makalipas sa librong "Makibaka para sa Pambansang Demokrasya" na isa sa mga pinakamahahalagang materyal sa pagpapalaganap ng pambansa-demokratikong linya. Nag-ambag din ng malaki ang kaniyang mga talumpati sa pagpapalakas ng sentimyentong pambansa-demokrasya na may sosyalistang perspektiba sa mga kabataan at estudyante sa syudad ng Baguio.

Noong ika-26 ng Disyembre, 1968, matapos ang pang-ideolohikal na debate sa dating Partido Komunista ng Pilipinas na pinamumunuan ng mga Lava, binalikan ng mga namumunong kabataan (kasama si Prop. Jose Ma. Sison) ang pangangailangan na buuing muli ang isang

Partido Komunista na tunay na magbabandera ng isang pambansang rebolusyon. Binuong muli ang PKP na tumatalima sa mga turo ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Ilang buwan ang lumipas, ika-29 ng Marso, 1969, binuo mula sa dating mga miyembro ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan ang Bagong Hukbong Bayan. Hanggang sa ngayon, ang Bagong Hukbong Bayan ang nagsisilbing hukbo ng mamamayan na nagtataguyod ng armadong pakikibaka, pagtatayo ng baseng masa at agraryong rebolusyon kasama ng masang magsasaka sa kanayunan.

Sa Kordilyera, malaki ang pinapel ng KM, Samahang Demokratikon ng Kabataan (SDK) kasama ng Highland Activists (HiAct) at ang samahan ng mga kabataang Igorot sa Kamaynilaan, ang Klilusang Kabataan sa Kabundukan, sa pagluluwal ng mayabong at masiglang kilusang masa ng mga kabataan at estudyante sa rehiyon. Ang mga organisasayong ito ang nagtipun-tipon sa isang kongreso sa Bontoc at nagbuo ng KIlusang Kabataan sa Kordilyera noong 1971. Lumakas sa buong kapuluan, kasama ang Kordilyera, ang dagundong ng kilusang masa na siyang naging tuntungan para sa SIgwa sa Unang Kuwarto ng 1970. Nagsilbing tagapunla ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa baseng kalunsuran ang mga miyembro ng Kabataang Makabayan.

Noong 1972, dahil sa Batas Militar ay napilitan ang karamihan ng mga kabataang aktibista, kasama ang mga kabataan sa Kordilyera, na kumilos pailalim, habang ang iba nama'y nagsisampahan sa Bagong Hukbong Bayan. Matapos ang isang treyning sa Isabela, isa sa mga napunta sa unang iskwad ng NPA patungong Ifugao ay ang Kankana-ey na si Leonardo "Ka Nardo" Pacsi. Isa sa mga namuno sa pagtatayo ng Highland Activists na si Jennifer "Ka Maria" Carino, isang Ibaloi, ay sumampa din sa Bagong Hukbong Bayan. Ang kagitingan ng dalawang ito ay ang naging dahilan ng pagpapangalan ng dalawang probinsyal na yunit (Mountain Province at Benguet) sa kanilang dalawa.

Sumidhi ang kilusan ng mga katutubong Igorot sa Kordilyera noong 1980s dahil sa Grand Canao sa Baguio City, illegal logging ng Cellophil Resources Center sa Abra, at ng Chico River Dams sa Bontoc, Mountain Province at Kalinga. Ang mga kabataang Igorot ay nakipamuhay at nakibaka para sa pagpapanawagan laban sa mga mapanirang proyekto. Dumagundong ang mga panawagan para sa sariling pagpapasya at pagtanggol sa lupa, buhay, kayamanan at dangal. Ang ilan sa kanila ay nakita na hindi sapat ang parlamentaryong pakikibaka para ipagtanggol ang kanilang lupang ninuno. Ang pinakamataas na katutubong paraan para magtanggol ay armadong pakikibaka. Maraming mga kabataan ang sumampa sa Bagong Hukbong Bayan. Ilan dito ay sina Nona Del Rosario, Agustin "Ka Merto" Begnalen, Alfonso "Ka Lejo" Cawilan at Wright "Ka Chadli" Molintas, Jr. Ang mga magigiting na kabataang ito ay nagsilbi ding inspirasyon at pangalan ng iba pang mga probinsyal na yunit ng hukbo (Ifugao, Abra at Kalinga). Ang pangalan ni Ka Chadli ay ipinangalan sa pormasyon ng hukbo sa rehiyong Ilocos-Kordilyera.

Noong 1983, nabuo naman ang rebolusyonaryong organisasyong masa ng mga kabataang Igorot--ang Demokratiko a Tignayan dagiti Agtutubo iti Kordilyera (DATAKO). Kinalauna'y nakita ang konkretong pundasyon para pagsamahin ang balangay ng Kabataang Makabayan at Demokratiko a Tignayan dagiti Agtutubo iti Kordilyera. Noong 1988, pinagsama ang dalawang rebolusyong organisasyong masa at tinawag na KM-DATAKO. Ang KM-DATAKO sa kasalukuyan ay ang mga balangay ng KM sa rehiyong Kordilyera. Hanggang ngayon, dala-dala ng mga balangay ng KM-DATAKO ang mga pangalan ng mga kabataang nagbuwis ng kanilang panahon at buhay para mapagtagumpayan ang rebolusyon ng mamamayang Kordilyera, at siyempre ng buong mamamayang Pilipino. Pinagpupugayan ng mga balangay ng KM-DATAKO ang lahat ng kabataang naging martir ng sambayanan sa pamamagitan ng pagpatuloy ng kanilang nasimulan at sa patuloy na pagpapasampa sa Bagong Hukbong Bayan.

Ang lugar kung nasaan ang KM-DATAKO sa kasalukuyan ay hindi kailanman matatapakan kung walang mga naunang mga kabataan na nangahas na nag-aral at nangarap na magtayo ng isang magandang lipunan. Ang mga turo ni Prop. Jose Ma. Sison ay patuloy na nagiging gabay ng mga miyembro ng KM sa buong bansa para itaguyod ang isang pambansa-demokratikong rebolusyon na siyang tunay na magpapalaya sa lahat. Walang KM-DATAKO o kahit anumang balangay ng KM sa kasalukuyan kung walang nagsimula noon, katulad nina Prop. Jose Ma. Sison.

Pagpupugay sa dakilang guro na si Prop. Jose Ma. Sison!
Pagpupugay sa lahat ng martir ng sambayanan!

# Anong kayang gawin ng mga salita?

Ka Flower

Matagal na kaming naglalakad. Pasikip na nang pasikip ang espasyo, padilim nang padilim ang pasilyo, at unti-unti kong naiisip na tila ibon ako sa hawla't nakakadena hanggang mapayagan na pakawalan. At ang tanging daang nakikita ko para sa akin? Ang pagiging alipin ng isang korporasyon at pagkapit sa pag-asang makakaalis rin ako sa buhay sa ibaba.

Ang tangi kong takas? Pagsusulat.

Umiikot ang buhay ko sa mga titik at letra— sa binibigay nitong kahulugan, sa lalim ng kabuluhan. Sa paglapat ng mga ito sa papel, kasama ang pag-asang mararating nito ang dapat nitong mapuntahan. Maaaring hindi nila marinig, o mabasa, o pagtuunan ng pansin ang nais mong sabihin, pero para sa akin noon, sapat nang mailabas ito upang magkaroon ng pagkakataon man lang na maipakita.

*Hanggang doon na lang ba?*

Unti-unti, hindi na naging sapat ang paghihintay lamang na bigyan ng atensyon ang sulat. Sa isang punto, mananabik kang mabasa ito ng madla, hindi dahil tingin mo maganda ngunit dahil naglalaman ito ng isang kwentong marapat malaman ng masa.

*Anong gusto mong mangyari?*

Minsan naitapat sa akin ang pagsulat ukol sa pagkamatay ng isang sanggol habang nasa piitan ang kaniyang ina na hindi hinahayaang bumisita kahit sandali ng gahamang batas. Noon pang may sakit ang sanggol, tuloy ang pakiusap na payagan siyang bumisita, ngunit wala. At ang tanging panahong pinayagan siya: nang mamatay ang bata.
Walang kalaban-laban, walang ka-armas-armas ang babae, ngunit naisip ng kapulisan na magpadala ng halos batalyon yata sa dami para lamang bantayan siya sa burol ng kaniyang anak. Balot ng PPE, nakaposas, ni hindi makasama ang kamag-anak, hindi mapunasan ang luha, at hindi lubusang makayakap sa munting kabaong.

Walang may gustong mamatayan ng anak. Ngunit kung may katiting lang silang awa… nagkaroon sana ng pagkakataong mabuhay ang bata.

Ultimo sanggol ay hindi nakatakas sa pahirap na gobyerno. Wala silang pipiliing edad, kasarian, o panahon.

Tuwing may bagong balita ukol sa kababaihang minamaltrato, sa mga nakukulong dahil sa gawa-gawang kaso, mga nare-redtag, mga nawawala, mga namamatay na kaibigan, kakilala, kasama… hindi ko alam kung sapat ang pagsusulat na aking ginagawa upang maihayag ang panawagan na hindi ito tama. Paulit-ulit, paikot-ikot na lang, at walang nagbabago.

Ngunit hindi mapapagod. Habang may taong walang boses, habang may kwento ng masa na dapat malaman ng publiko, patuloy itong aagos hanggang marating ang dapat nitong marating. Lalakas ang panawagan hanggang marindi ang dapat marindi. Hanggang may pagbabagong mangyari.

Napakatagal naming naglakad noong araw na iyon, at sa dulo, nalaman kong may buhay higit sa masikip na pasilyo. May buhay higit sa hawlang pilit tayong ginagawang bihag. Ang pagsusulat, higit sa isang takas sa kasalukuyan, ay may kapangyarihang bigyan ng boses ang hindi pinakikinggan. Mula noon, may dagdag nang layunin ang bawat sulatin— may laman, may patutunguhan: mula sa masa, tungo sa masa.